



Isinulat ni Edward Hughes
Inilarawan nila M. Maillot; Alastair Paterson

Isinalin ni Christie Arpin
Ibinagay nila E. Frischbutter at Sarah S.


Kuwento Bilang 36 ng 60


**M1914.org**

**Bible for Children, PO Box 3, Winnipeg MB  R3C 2G1  Canada**



Pahintulot: Ang materyal na ito ay maaaring makopya o malimbag, ngunit hindi maaaring ipagbili.























Ang Kapanganakan ni Hesus

isang kuwentong nanggagaling sa Salita ng Diyos, ang Bibliya,

makikita sa

Mateo 1-2; Lucas 1-2

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Alam ng Diyos na tayo'y nakagawa ng mga masamang bagay, na Kaniyang tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan.

Mahal na mahal tayo ng Diyos na ipinadala Niya ang Kaniyang Anak, na si Hesus, upang maipako at mamatay sa Krus at bayaran ang ating kaparusahan. Si Hesus ay nabuhay muli at bumalik sa langit! Ngayon mapapatawad na ng Diyos ang ating mga kasalanan.

Kung nais mong talikuran ang iyong mga kasalanan, sabihin ito sa Diyos: Mahal na Panginoon, naniniwala po akong si Hesus ay namatay para sa akin, at ngayo'y buhay na muli. Mangyaring patawarin po Ninyo ang aking mga kasalanan at pumasok po Kayo sa aking buhay, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon, at makapiling po Kayo nang walang hanggan. Tulungan po Ninyo akong mamuhay para sa Inyo bilang Inyong anak. Amen Juan 3:16

Basahin ang Bibliya at makipag-usap sa Diyos araw-araw!

Tagalog


Nagtaka si Maria. Tinanong niya, "Paano ito mangyayari, ako ay walang asawa?" Sinabi ng anghel na ang sanggol ay manggagaling sa Diyos.
3
At sinabi din ng anghel kay Maria na ang pinsan niyang si Elizabeth ay magkakaanak din kahit siya ay matanda na. Ito rin ay isang mirakulo. Pagkaraan ng pangyayaring ito ay binisita ni Maria si Elizabeth. At pinuri nilang dalawa and Diyos.
4
Nang malaman ni Jose na buntis si Maria, nabahala at nalungkot siya. Nagisip at nagisip siya dahil alam niyang hindi siya ang ama.
5
Sa kanyang panaginip sinabi ng anghel ng Diyos, na ang sanggol ay mirakulo ng Espiritu Santo, nanggaling sa Diyos at huwag siyang mabahala.
6
Naniwala si Jose at sumunod sa kagustuhan ng Diyos. Sumusunod din siya sa batas ng bayan. Kasama si Maria, kailangan nilang pumunta sa Bethlehem para
magpatala at magbayad ng buwis.
7
Inabot ng panganganak sa Bethlehem si Maria. Ngunit walang mahanap na bahay-upahan! Kumatok sila ngunit walang lugar para sa kanila!
8
Niyaya ni Jose na pumunta na lang sila sa sabsaban ng mga tupa.
9
May mga pastol na malapit sa sabsaban. Sinabi ng anghel, "May magandang balita. Ipinanganak sa inyo ang isang Tagapagligtas. Siya ang Hesu Kristong Panginoon."
10
At dumating pa ang maraming anghel, masaya sila na nagpuri sa Diyos at nagsabi, ...
11
... "Luwalhati sa Diyos na kataastaasan, sa lupa ay kapayapaan, sa mga tao ay kaluguran."
12
Nagmadaling pumunta ang mga pastol sa sabsaban at pagkatapos nilang makita ang sanggol ay ipinamalita nila sa lahat ang kanilang nasaksihan.
13
Pagkalipas ng apatnapung araw, dinala ni Jose at Maria si Hesus sa templo. Nakita ni Simeon ang sanggol at pinuri niya ang Panginoon.
14
Si Anna, isang matandang lingkod, ay nagpasalamat sa Diyos nang makita ang sanggol na si Hesus.
15
Narito na ang pangako ng Diyos-si Hesus, ang Anak ng Diyos, na Tagapagligtas.
16
Makaraan ang ilang araw, may mga "wise men" o pantas na dumating sa
Jerusalem mula sa Silangan. Nais nila malaman kung saan makikita ang batang ipinanganak na hari ng mga Judio.
17
Narinig ito ni Herodes. Naligalig siya at sinabi niya sa mga wise men na kapag natagpuan nila ang sanggol na si Hesus ay sabihin sa kanya at sasamba rin siya. Pero ang totoo ay gusto niyang ipapatay ito.
18